ADCMC
مركز إدارة الطوارئ والأزمات والكوارث لإمارة أبوظبي
Emergencies, Crises and Disasters Management Centre Abu Dhabi

حملة مجتمعنا جاهز

OUR COMMUNITY IS PREPARED

# Gabay sa Kamalayan para sa Pagtugon sa Kasalukuyang Sitwasyon ng Rehiyon



Bukas

# Mga wika

I- click para maabot ang gusto mong wika

Français

English

العربية

Español

বাংলা

中文

മലയാളം

اردو

Tagalog

# Nilalaman

**I- click ang pamagat para maidirekta sa pahina nito**


- **Tungkol sa Abu Dhabi Emergency, Crisis and Disasters Management Centre (ADCMC)**
- **Tungkol sa "Handa ang Ating Komunidad" Campaign**

1. Paghahanda sa Emergency
2. Mga Palatandaang Hindi Dapat Isinasawalang-bahala
3. Paano Gumagana ang "Warning System"
4. Ano ang dapat mong gawin kung sakaling mahulog ang debris?
5. Bakit mapanganib ang pagkuha ng "video" sa mga lugar ng insidente?
6. Paano mo poprotektahan ang iyong sarili mula sa mga sabi-sabi at maling impormasyon?
7. Mga Opisyal na Channel para sa Impormasyon
8. Mga Numero at Impormasyong Dapat Tawagan sa Oras ng Emergency
9. Digital Security at Pag-verify ng Mensahe
10. Paano Pakikitunguhan ang Mga Bata sa Panahon ng Mga Emergency
11. Paano Suportahan ang Mga Matatanda at Mga Taong May Espesyal na Pangangailangan (PWD) sa Panahon ng Emergency
12. Mga Alituntunin sa Pag-aalaga ng Mga Alagang Hayop sa Kasalukuyang Sitwasyon
13. Patnubay sa Kaligtasan Habang Nagmamaneho
14. Kaligtasan sa Loob ng Tahanan Kapag Nakarinig ng Mga Pagsabog
15. Kaligtasan sa mga Pampublikong Lugar at Sa Labas ng Tahanan
16. Kaligtasan sa mga Mall o mga Kulong na Lugar
17. Mga Pamamaraan sa Emergency - Sa Mga Pinagtatrabahuhang Gusali
18. Paano Kumilos Pagkatapos ng Panganib
19. Ang Papel ng Komunidad sa Pagpapatibay ng Kaligtasan sa Panahon ng Mga Krisis

- **Mga Kasaling Ahensya at Institusyon sa Campaign**

# **Tungkol sa Abu Dhabi** Emergency, Crisis and Disasters Management Center (ADCMC)

Ang Abu Dhabi Emergency, Crisis and Disasters Management Center (ADCMC) ay itinatag alinsunod sa Batas Blg. (22) ng 2019, na may layuning paigtingin ang kahandaan ng Emirate para tugunan ang mga emergency, krisis, at kalamidad, habang sinisigurado ang mabisang aksyon at mabilis na pagbangon.

Ang Center ay responsable para sa pagbuo ng mga pampublikong patakaran, estratehiya, at mga plano na may kaugnayan sa emergency, krisis, at disaster management. Nagsasagawa rin ito ng mga pag-aaral, pagbisita sa field, pag-audit, at pagtatasa para matiyak ang kahandaan ng mga kaukulang ahensya at institusyon at ang kanilang kakayahang tumugon nang may husay at liksi sa mga hamong kaakibat nito.

Bilang karagdagan, ang Center ay may mahalagang papel sa pag-uugnay ng mga pagsisikap sa pagitan ng mga stakeholder, pagpapatatag ng pakikipagtulungan at palitan ng kaalaman sa mga estratehikong kabahagi (partners), at paggamit ng pinagsama-samang sistema nito para mapataas ang pangkalahatang katatagan (resilience) ng Emirate sa pamamahala ng mga emergency, krisis, at kalamidad.

# Tungkol sa "Handa ang Ating Komunidad" Campaign

Ang "Handa ang Ating Komunidad" Campaign ay isang mahalagang inisyatibong inilunsad ng ADCMC sa pakikipagtulungan ng mga ahensya ng pamahalaan at mga kompanya sa buong Abu Dhabi.

Layunin nitong palakasin ang kahandaan ng komunidad at itaas ang kamalayan kung paano mabisang tutugon sa iba't ibang panganib at emergency.

Ang mga yugto ng campaign ay nasusukat batay sa mga pagsusuri sa panganib (risk assessments), mga ulat-operasyonal mula sa mga kaukulang center, at mga bagong kaganapan. Sinisigurado nito na ang mga mensahe ng kamalayan ay nasa tamang oras, may kaugnayan, at nakaayon sa kasalukuyang sitwasyon.

Nakatuon ang campaign sa:

- Pagpapataas ng kamalayan ng komunidad sa mga potensyal na panganib at mga hakbang sa paghahanda
- Pagsusulong ng mga hakbang sa pag-iwas (preventive behaviors) para mabawasan ang mga panganib at epekto nito.
- Pag-align at pag-iisa ng mga mensahe ng kamalayan sa lahat ng mga ahensya at institusyon
- Pagbuo ng tiwala at kapanatagan ng publiko sa pamamagitan pagbibigay ng opisyal na impormasyon.

## Unang yugto:
## (Malalang Kondisyon ng Panahon)

Ang unang yugto ng campaign ay nakatuon sa pagpapataas ng kamalayan ng publiko sa kung paano tumugon sa malala at hindi matatag na kondisyon ng panahon, tulad ng malakas na pag-ulan, matitinding hangin, at pabago-bagong klima.

Kasama sa mga mensahe ng kamalayan ang gabay sa kaligtasan tuwing maulan, mga ligtas na gawi sa pagmamaneho sa gitna ng masamang panahon, pag-iwas sa mga mapanganib na lugar tulad ng mga naipong tubig, at pagsunod sa mga opisyal na tagubilin.

Ang yugtong ito ay nakatulong sa pagpapatatag ng mga gawi para sa pag-iwas sa loob ng komunidad at sa pagbabawas ng mga panganib na may kaugnayan sa mga kaganapang pampanahon.

## Ikalawang yugto:
## (Kasalukuyang Mga Pag-unlad sa Rehiyon)

Bilang tugon sa mga patuloy na kaganapan, inilunsad ang ikalawang yugto ng campaign para paigtingin ang kamalayan ng publiko tungkol sa mga nararapat na pagkilos sa gitna ng kasalukuyang sitwasyon sa rehiyon.

Mas pinalakas sa yugtong ito ang mga mensahe ng kamalayan na nakatuon sa lahat ng sektor ng lipunan, pinatibay ang koordinasyon at pakikipagtulungan sa mga ahensya at mga strategic partner, at binigyang-diin ang kahalagahan ng pagtitiwala lamang sa mga opisyal na pinagmulan ng impormasyon. Ang mga pagsisikap na ito ay nakatutulong sa pagbibigay ng kapanatagan sa publiko at pagpapanatili ng katatagan ng komunidad.

# 01 Paghahanda sa Emergency




Ang kahalagahan ng pag-alam ng mga "emergency exit" sa bahay, sa trabaho, at sa mga pampublikong lugar.



Magtalaga ng isang ligtas, masisilungang lugar para maiwasan ang mga pinsala at sakuna, at siguraduhing alam ng lahat ng miyembro ng pamilya kung paano ito mararating.




Panatilihing laging handa ang mga emergency number, halimbawa: **999.**



Sundin ang mga babala at tagubiling ibinigay ng mga opisyal na awtoridad sa bansa.




Siguraduhing palaging available ang "first aid kit" at pamatay ng apoy (fire extinguisher) sa bahay.



Siguraduhing may emergency kit (Ready Bag) na naglalaman ng mga gamot at mahahalagang supply tulad ng flashlight, extra na mga baterya, tubig, pagkaing hindi nabubulok, power bank, at mga kopya ng mahahalagang dokumento tulad ng pasaporte.

# 02 **Mga Palatandaang** Hindi Dapat Isinasawalang-bahala



May mga pagkakataong mapapansin ang mga hindi pangkaraniwang senyales sa paligid, tulad ng:



Pagpansin ng lumilipad na bagay sa mababang taas (altitude).



Pagkarinig ng tuluy-tuloy o hindi pamilyar na tunog ng makina sa kalangitan.



Nakakakita ng lumilipad na bagay na may pare-parehong bilis o paglipad papunta sa hindi karaniwang landas o daan.



Saglit na narinig ang tunog bago ito nawala.



Paggalaw ng mga hindi pangkaraniwang ilaw sa kalangitan.

Ang mga palatandaang ito ay hindi laging nangagahulugang may panganib: gayunpaman, laging pinapayuhang sumunod sa mga opisyal na paalala at babala mula sa mga awtoridad bilang pag-iingat.

# 03

# **Paano Gumagana** ang «Warning System»

Ang “warning sytem” ay idinisenyo para agad na magbigay-alerto sa publiko kapag may potensyal na panganib at para maghatid ng isang malinaw na mensahe na makatutulong sa mga tao na gumawa ng tamang desisyon. Ang mga emergency alert ay maaaring matanggap sa pamamagitan ng iba’t ibang paraan, kabilang ang mga notification sa telepono o mga mensahe sa pamamagitan ng mga opisyal na channel.




## Kahulugan ng Warning Message:

Ito ay isang alerto na nagpapahiwatig ng posibleng panganib at nagbibigay ng mga mahahalagang paalala na dapat sundin para sa kaligtasan ng bawat isa.

# Mga Yugto ng Babala (Warning Stages):



## Alerto sa posibleng panganib:

Nangangahulugan ito na kinakailangan ang agarang atensyon at dapat sundin nang walang pagdadalawang-isip ang mga paalalang inilalabas ng mga kinauukulan.



## Mga kasamang tagubilin:

Kabilang dito ang pananatili sa loob ng gusali, paglayo sa mga bintana, o pag-iwas sa ilang mapanganib na lugar.




## Abiso sa end-of-danger (End-of-danger notification):

Nangangahulugan ito na idineklara na ng mga kinauukulan na lumipas na ang direktang banta. Gayunpaman, mahalaga pa ring patuloy na sundin ang anumang susunod na paalala hanggang sa bumalik na sa normal ang sitwasyon.

## Ano ang dapat iwasan kapag may narinig na babala?



Huwag lumabas ng gusali dala ng kuryosidad o makisali sa pagtitipon sa mga bukas na lugar.



Huwag mag-film mula sa mga bintana o magbahagi ng live na footage mula sa lokasyon ng insidente.



Huwag magpakalat ng mga tala ng boses (voice notes) o mga text message mula sa hindi kilalang sender.



Huwag kalimutang alalayan o tulungan ang mga bata, matanda, o Taong May Espesyal na Pangangailangan (PWD) na nasa bahay.

# 04

# **Ano ang dapat mong gawin** kung sakaling mahulog ang debris?





Manatiling kalmado at ligtas, lumayo sa delikado o apektadong lugar.



Huwag subukang hawakan o galawin ang anumang bahagi ng debris.



Huwag magtipon sa pinangyarihan para madaling marating ng mga kinauukulan ang lokasyon.



Siguraduhing ligtas ang mga miyembro ng pamilya at patuloy na ipanatag ang kanilang loob para mabawasan ang takot.



Huwag lumapit! Ang mga debris ay maaaring maglaman ng mga paputok o mapanganib na materyales.



Huwag ipagpalagay o makampante na ligtas o hindi nakapipinsala ang anumang mga debris na makikita.



Iwasang kunan ng larawan ang apektadong site o mag-post ng anumang mga larawan sa social media.



Kumuha ng mahahalagang impormasyon mula sa mga opisyal na awtoridad sa bansa at iwasan ang pagkakalat ng mga hindi beripikado o gawa-gawang impormasyon.



Tumawag sa 999 para iulat ang insidente sa mga kinauukulan.

# 05

# **Bakit mapanganib** ang pagkuha ng «video» sa mga lugar ng insidente?





Hinahadlangan nito ang mabilis na paggalaw o pag-aksyon ng mga emergency team.



Nagdudulot ito siksikan sa paligid ng lugar ng insidente, kay mas mahirap kontrolin ang lugar.




Inilalagay nito sa panganib ang taong kumukuha ng "video" at ang mga nasa paligid dahil sa banta ng susunod pang mga sakuna (secondary incidents).



Nilalabag nito ang pribasiya ng mga nasugatan at ng mga apektado.



Nagiging sanhi ito ng pagkalat ng mga maling impormasyon.



Nakakaabala ito sa mga driver at mga tao sa pinangyarihan, na maaaring humantong pa sa karagdagang mga aksidente.



Maaaring mailantad ang mga sensitibong detalye ng insidente bago pa man matapos ng mga kinauukulan ang kanilang tungkulin.



Maaaring maging sanhi ito ng pagkalat ng mga masakit o nakagugulantang eksena sa komunidad.



Maaaring maging sanhi ito ng maling interpretasyon sa tunay na nangyari sa insidente.

# 06

# **Paano mo poprotektahan** ang iyong sarili mula sa mga sabi-sabi at maling impormasyon?





I-verify muna ang pinagmulang balita o impormasyon bago maniwala o magbahagi sa iba.



Magtiwala lamang sa mga opisyal na channel para sa mga impormasyon at bagong update.



Huwag agad-agad magbabahagi o magpapakalat ng hindi pa kumpirmadong impormasyon, kahit pa mukha itong mahalagang mensahe.



Magbahagi lamang ng responsible at tunay na impormasyon na makatutulong sa kamalayan ng komunidad sa halip na magdulot ng kalituhan.



I-report sa mga kinauukulang awtoridad ang mga account na nagpapakalat ng mga maling impormasyon.

# 07 Mga Opisyal na Channel para sa Impormasyon




Sa mga emergency na sitwasyon, dapat na malinaw at siguradong tunay ang pinagkukunan mo ng impormasyon. Ipinapayo na sundin ang mga account at platform ng mga opisyal na awtoridad at huwag umasa sa mga hindi beripikadong account o mga indibidwal na hindi awtorisadong mag-publish ng impormasyon.

**@mofauae**
UAE Ministry of Foreign Affairs

**@uaegove**
UAE Government Media Office

**@modgovae**
Ministry of Defence

**@wamnews**
Emirates News Agency “WAM”

**@ncemauae**
National Emergency Crisis and Disasters Management Authority

**@moiuae**
Ministry of Interior

**@adcmc_ae**
Crisis and Disasters Management Center - Abu Dhabi

**@gcaauae**
General Civil Aviation Authority

**@dubaimediaoffice**
Government of Dubai Media Office

**@admediaoffice**
Government of Abu Dhabi Media Office

**@ajmanmedia**
Government of Ajman Media Office

**@sharjahmedia**
Government of Sharjah Media office

**@fujairah_media_office**
Government of Fujairah Media Office

**@rakmediaoffice**
Government of Rak Media Office

# 08 **Mga Numero at** Impormasyong Dapat Tawagan sa Oras ng Emergency



Ang mga mahahalagang numerong dapat tandaan sa oras ng emergency ay dapat itago sa isang malinaw na nakikitang lugar sa bahay at i-save sa mga telepono ng mga nakatatanda sa pamilya. Mas mainam din na ituro sa mga nakatatandang bata at domestic worker ang mga pangunahing numerong maaaring tawagan at kung paano humingi ng tulong sa oras ng pangangailangan.

Abu Dhabi Police at
Abu Dhabi Civil Defense Authority

**999**

Emergency sa
Kuryente

**991**

Emergency
sa Tubig

**992**

Department of Municipalities
and Transport

**993**

Psychological Support
- Sakina

**800725462**

Social Care
Services

**800444**

TAQA Water Solutions
(sewerage emergency)

**028180000**

Abu Dhabi
Government

**800555**

# 09 **Digital Security at** Pag-verify ng Mensahe

**Mahalagang babala:**

may mga kumakalat na mapanlinlang na mensahe mula sa mga nagpapanggap na kinatawan ng iba't ibang ahensya. Ang mga ito ay nanghihikayat na magbukas ng mga kahina-hinalang link o maglagay ng personal na impormasyon.



## Para protektahan ang iyong impormasyon:



Huwag mag-click ng anumang hindi pamilyar o kahina-hinalang link.



Huwag magbahagi ng anumang personal o sensitibong impormasyon.



I-verify ang pinagmulan ng mensahe bago gumawa ng anumang aksyon.



Huwag pansinin ang mga kahina-hinalang mensahe at huwag makipag-ugnayan sa kanila.

# 10 **Paano Pakikitunguhan** ang Mga Bata sa Panahon ng Mga Emergency



## Pagpapanatag sa kanila at pagpapalakas ng kanilang pakiramdam ng kaligtasan

- Ipadama sa kanila na sila ay ligtas at ang mga kinauukulang awtoridad ay umaaksyon para protektahan ang lahat.
- Ipakita sa kanila ang suporta at pangangalaga, at manatiling malapit sa kanila.
- Makipag-usap sa kanila sa mahinahon at panatag na tono para lalong tumibay ang kanilang pakiramdam na sila ay ligtas.



## Pagsagot sa Kanilang mga Tanong nang Malinaw at Pakikinig sa Kanilang Nararamdaman

- Makinig nang mabuti sa kanilang mga tanong.
- Pakinggan at bigyan sila ng kapanatagan, gayundin, ng pagkakataong magpahayag ng kanilang nararamdaman.
- Magbigay ng simple at malinaw na paliwanag na angkop sa kanilang edad o pangangailangan.
- Ipakita na nauunawaan mo ang takot at pag-aalalang nararamdaman nila.
- Hikayatin silang pag-usapan ang kanilang tunay na nararamdaman.



## Paglilimita sa exposure sa mga nakababahalang balita

- Bawasan ang kanilang exposure sa mga balita o mga eksenang maaaring magdulot ng pagkabalisa o pag-aalala.
- Siguraduhing ang mga impormasyong susundin ay nagmumula lamang sa mga opisyal na awtoridad sa bansa.
- Panatilihin ang kalmado at mapayapang kapaligiran sa loob ng tahanan.



## Gumamit ng mga salitang magbibigay-suporta at kapanatagan

- Gumamit ng mga positibong salita na nagpapatibay sa kanilang pakiramdam na sila ay ligtas.
- Ipaalala sa kanila na lagi kang nasa tabi nila para suportahan at protektahan sila.
- Nakatutulong ang mga mabubuting salita at kalmadong tono para mabawasan ang stress at pagkabalisa nila.



## Pagpapanatili ng pang-araw-araw na gawain hangga't maaari

- Panatilihin ang mga normal na aktibidad o gawain sa araw-araw para makatulong sa pagbabawas ng kanilang pagkabalisa.
- Hikayatin ang mga payapa o kalmadong gawain tulad ng pagbabasa o pakikipag-usap sa pamilya.

# 11

# Paano Suportahan ang Mga Matatanda at Mga Taong May Espesyal na Pangangailangan (PWD) sa Panahon ng Emergency



## Pagpapanatag at Pagpapadama ng Kaligtasan

- Manatiling malapit sa kanila, ipadama sa kanila ang iyong suporta at pag-aaruga, at iwasang iwanan silang mag-isa sa loob ng mahabang panahon.
- Kausapin sila nang mahinahon at malumanay para mabawasan ang kanilang pagkabalisa at stress.
- Makinig nang mabuti at ipakita ang pagpapahalaga sa kanilang nararamdaman at mga karanasan.
- Iwasang iwanan sila nang mag-isa sa loob ng mahabang panahon o iparamdam sa kanila na sila ay nag-iisa.

## Paggamit ng mga positibo at nakapagpapanatag na salita

- Gumamit ng mahinahong mga salita at malumanay na tono ng boses para magdulot ng kaginhawahan at kapanatagan.
- Ipaliwanag kung ano ang nangyayari sa simple at malinaw na paraan, nang walang anumang kalituhan.
- Iwasang maghatid ng balita sa nakakatakot o nakababahalang paraan.
- Bigyan sila ng sapat na oras para magtanong at ipahayag ang kanilang mga alalahanin.

## Pagbibigay ng ligtas at angkop na kapaligiran

- Siguraduhing ligtas at madaling kumilos sa tahanan o lugar na tinitirahan.
- Siguraduhing walang mga sagabal na maaaring makahadlang sa paggalaw o maging sanhi ng pagkadapa at pagkahulog.
- Maglagay ng mahahalagang gamit sa mga lokasyong madaling maabot.

## Pamamahala ng daloy ng balita at impormasyon

- Umasa lamang sa mga opisyal na mapagkukunan ng impormasyon, at iwasan ang pagpapakalat ng mga hindi beripikadong impormasyon o balita.
- Magtakda ng mga partikular na oras sa pagsubaybay ng balita para maiwasan ang pagkabalisa.
- Panatilihin ang kalmado at mapayapang kapaligiran sa loob ng tahanan.

## Pagpapalakas ng suporta ng pamilya at komunidad

- Isama ang mga matatanda at Taong May Espesyal na Pangangailangan (PWD) sa mga talakayan at desisyon ng pamilya.
- Magbigay ng patuloy na suportang sikolohikal at panlipunan.
- Makipagtulungan sa lahat ng miyembro ng pamilya para matiyak na naibibigay ang kinakailangang kalinga para sa mga nakatatanda at mga Taong May Espesyal na Pangangailangan.

## Pagsasaalang-alang ng mga pangangailangan ng mga Taong May Espesyal na Pangangailangan

- Tiyaking available ang mga device o pantulong na kagamitan na kanilang pinagkakatiwalaan.
- Tiyaking available ang mga charger o baterya para sa mga medikal o pantulong na device.
- Magbigay ng suporta na kailangan nila kapag gumagalaw o kapag kailangan ng tulong.

## Humingi ng suporta at payo kung kinakailangan

Kung kailangan ng payo o suporta ng pamilya, maaaring tu-mawag sa Family Counseling Call Center sa:

**80033322**

# 12

# **Mga Alituntunin sa** Pag-aalaga ng mga Alagang Hayop sa Kasalukuyang Sitwasyon:





Panatilihin ang mga alagang hayop sa loob ng bahay at sa isang ligtas na lugar.



Siguraduhing may pagkain, tubig, at mahahalagang gamot na tatagal ng ilang araw.



Huwag hayaang lumapit ang mga alagang hayop sa mga hindi kilalang bagay o lugar na pinangyarihan ng insidente.



Maghanda ng ligtas na carrier o paraan ng transportasyon kung sakaling kakailanganing lumipat ng lokasyon.



Panatilihing kalmado at malapit ang mga alagang hayop sa kanilang mga amo para mabawasan ang stress.



Kung hindi mo na kayang alagaan ang iyong alaga o kung may mapansin kang hayop na napabayaan, tumawag sa Department of Municipalities and Transport sa numerong **993.**

# 13 Patnubay sa Kaligtasan Habang Nagmamaneho



## Sundin ang mga tagubiling ito:



Bawasan ang bilis ng sasakyan habang nagmamaneho.



Iwasang huminto sa mga bukas o matataong lugar.



Kung may malapit na gusali, pumunta rito at sundin ang mga tagubilin para sa pagsilong sa loob.

## Kung hindi makahanap ng ligtas na gusali:



Ihinto ang sasakyan sa isang lugar o lokasyong malayo sa matataas na gusali at mga bintanang salamin.



Manatili sa loob ng sasakyan at panatilihing sarado ang mga pinto at bintana.



Yumuko hangga't maaari para mabawasan ang exposure sa mga tumatalsik na piraso (fragments).



Iwasang huminto malapit sa mga poste, billboard, o istasyon ng gasolina.



Takpan ang ilong at bibig ng tela o tissue kung may alikabok o usok.



Iwasan ang pagbabahagi ng hindi beripikadong impormasyon sa social media.



Iwasan ang pag-post ng mga video o larawan na maaaring magdulot ng pag-aalala o magpakalat ng hindi beripikadong impormasyon o balita.



Maghintay hanggang sa may opisyal na abiso na tapos na ang emergency bago ituloy ang normal na gawain.

# 14

# Kaligtasan sa Loob ng Tahanan Kapag Nakarinig ng Mga Pagsabog



## Mga ligtas na lugar:



Mga silid sa loob ng bahay na may kaunti o walang bintana



Mga pasilyo



Sa ilalim ng kongkretong hagdanan





Ground floor




Basement

## Mga hindi ligtas na lugar:



Panlabas na pader ng paligid



Mga bintana at salamin na dingding o salamin na pinto



Bubungan



Balkonahe

- Siguraduhing huwag lumabas kapag nakarinig ka ng anumang pagsabog hanggang sa makatanggap ka ng mensahe na nagsasaad na tapos na ang sitwasyon.
- Ipagpatuloy ang normal na mga gawain pagkatapos lamang makatanggap ng end-of-emergency na abiso.

# 15 Kaligtasan sa mga Pampublikong Lugar at Sa Labas ng Tahanan



- Kung makarinig ka ng mga pagsabog o makatanggap ng emergency alert habang nasa labas ng bahay, ipinapayong kumilos nang mahinahon at sundin ang mga tagubilin para sa kaligtasan.

## Sundin ang gabay sa ibaba:




Manatiling kalmado at iwasang magsiksikan o magtulakan.



Hanapin ang pinakamalapit na ligtas na gusali at sundin ang mga pamamaraan ng pagsisilungan sa loob nito.



Iwasan ang pagtitipon/pagsisiksikan sa mga bukas na lugar.



Lumayo sa mga poste ng kuryente, matataas na lugar, billboard, bintana at salamin na dingding, at mga sasakyan.



Kung walang gusaling malapit sa'yo, humiga nang patag sa lupa, takpan ang iyong ulo gamit ang iyong mga kamay, at takpan ang iyong ilong ng tela kung may alikabok o usok.




Sundin ang mga tagubiling ibinigay ng mga opisyal na awtoridad.

# 16

# Kaligtasan sa mga Mall o mga Kulong na Lugar





Pumunta sa mga loob na bahagi ng lugar na malayo sa mga salamin.



Sundin ang mga tagubiling panseguridad at pangkaligtasan sa lugar.



Gamitin ang hagdan at iwasan ang paggamit ng elevator.



Ang pagsunod sa mga tagubilin ng mga safety marshal sa mga mall o pampublikong lugar ay nakakatulong sa iyong kaligtasan at sa kaligtasan ng iba.

# 17

# **Mga Pamamaraan** sa Emergency - Sa Mga Pinagtatrabahuhang Gusali



## Kapag nakatanggap ka ng mensahe ng babalang pang-emergency mula sa mga opisyal na awtoridad:



**Hakbang 1:**
Itigil agad ang pagtatrabaho.



**Hakbang 2:**
Manatiling kalmado at huwag mag-panic.



**Hakbang 3:**
Lumayo sa mga bintana at salamin.



**Hakbang 4:**
Pumunta sa basement ng gusali, kung mayroon.



**Hakbang 5:**
Gumamit lamang ng hagdan.



**Hakbang 6:**
Maghintay hanggang sa makatanggap ng mensahe na ligtas na ang sitwasyon bago bumalik sa iyong opisina.

# 18

# **Paano Kumilos** Pagkatapos ng Panganib



## Matapos makatanggap ng abiso na tapos na ang panganib, ipinapayong sundin ang mga gabay sa ibaba:

- Kumustahin ang kaligtasan ng mga miyembro ng pamilya.
- Siguraduhing walang mga panganib o pinsala sa paligid.
- Huwag lumapit sa anumang hindi pamilyar o kahina-hinalang bagay, o anumang kakaibang amoy.
- Lumayo sa mga ito at ipaalam agad sa mga kinauukulan.
- Patuloy na sundin ang mga paalalang inilalabas ng mga opisyal na awtoridad.
- Unti-unting bumalik sa mga pang-araw-araw na gawain.

# 19

# **Ang Papel ng Komunidad sa** Pagpapatibay ng Kaligtasan sa Panahon ng Mga Krisis



**Malaki ang papel ng komunidad sa pagsuporta sa kaligtasan sa oras ng krisis.**

**Magagawa ito sa pamamagitan ng:**

- Pagsunod sa mga tagubiling inilabas ng mga opisyal na awtoridad.
- Pag-iwas sa paglalathala at pagpapakalat ng mga hindi beripikado o hindi maaasahang impormasyon.
- Pagtulong sa mga nakatatanda at mga Taong May Espesyal na Pangangailangan kapag kinakailangan.
- Pakikipagtulungan sa mga kinauukulan at pagpapadali sa trabaho ng mga emergency team.
- Pagpapakita ng kalmado at responsibilidad sa lipunan.

**Ang pagtutulungan ng komunidad ay nagpapalakas ng kaligtasan at nagpoprotekta sa lahat.**

ADCMC
مركز إدارة الطوارئ والأزمات والكوارث لإمارة أبوظبي
Emergencies, Crises and Disasters Management Centre Abu Dhabi

مكتب أبوظبي الإعلامي
Abu Dhabi Media Office

# Mga Kasaling Ahensya at Institusyon

- دائرة الطاقة — Department of Energy
- دائرة البلديات والنقل — Department of Municipalities and Transport
- دائرة القضاء — Judicial Department
- مكتب أبوظبي التنفيذي — Abu Dhabi Executive Office
- دائرة التنمية الاقتصادية — Department of Economic Development
- دائرة التمكين الحكومي — Department of Government Enablement
- دائرة التعليم والمعرفة — Department of Education and Knowledge
- دائرة الصحة — Department of Health
- هيئة البيئة - أبوظبي — Environment Agency - Abu Dhabi
- مجلس أبوظبي للجودة والمطابقة — Abu Dhabi Quality & Conformity Council
- دائرة تنمية المجتمع — Department of Community Development
- دائرة الثقافة والسياحة — Department of Culture and Tourism
- مركز النقل المتكامل — Integrated Transport Centre
- مركز الإحصاء — Statistics Centre
- هيئة أبوظبي للدفاع المدني — Abu Dhabi Civil Defence Authority
- شرطة أبوظبي — Abu Dhabi Police
- هيئة أبوظبي للإسكان — Abu Dhabi Housing Authority
- ديوان ممثل الحاكم — Ruler's Representative Court, منطقة الظفرة Al Dhafra Region
- مجموعة موانئ أبوظبي — AD Ports Group
- هيئة أبوظبي للزراعة والسلامة الغذائية — Abu Dhabi Agriculture and Food Safety Authority
- صحة — SEHA, شركة أبوظبي للخدمات الصحية — Abu Dhabi Health Services Co.
- مجموعة تدوير
- أدنوك — ADNOC
- الهلال الأحمر الإماراتي — Emirates Red Crescent
- قطارات الاتحاد — Etihad Rail
- الاتحاد — Etihad
- مركز أبوظبي للصحة العامة — Abu Dhabi Public Health Centre
- هيئة الرعاية الأسرية — Family Care Authority
- هيئة زايد لأصحاب الهمم — Zayed Authority for People of Determination
- الدار — Aldar
- جمارك أبوظبي — Abu Dhabi Customs
- مركز أبوظبي لإدارة المواد الخطرة — Abu Dhabi Hazardous Materials Management Centre
- هيئة أبوظبي للطفولة المبكرة
- مطارات أبوظبي — Abu Dhabi Airports
- مؤسسة التنمية الأسرية — Family Development Foundation
- أكاديمية ربدان — Rabdan Academy
- مكتب أبوظبي للاستثمار — Abu Dhabi Investment Office
- غرفة أبوظبي — Abu Dhabi Chamber
- مجلس أبوظبي الرياضي — Abu Dhabi Sports Council
- ENEC — الإمارات للطاقة النووية
- مركز أبوظبي للمشاريع والبنية التحتية — Abu Dhabi Projects and Infrastructure Centre
- ساند — SANID, مؤسسة الإمارات — by Emirates Foundation

# PAGPAPAIGTING NG KAHANDAAN SA ORAS NG KRISIS

adcmc_ae

adcmc.gov.ae

Inilathala noong Marso 2026